PHILIPPINE INSTITUTE FOR DEVELOPMENT STUDIES
Surian sa mga Pag-aaral Pangkaunlaran ng Pilipinas
Service through policy research
18th Floor Three Cyberpod Centris-North Tower, EDSA corner Quezon Avenue, Quezon City
Tel: 372-1291, 372-1292 • http://www.pids.gov.ph

# Bakit Mahalaga ang RCEP sa Pagpapaunlad ng Ating Agrikultura?

*Roehlano M Briones*[1]

05 January 2023

Sagot sa pangunahing tanong: **Walang pagluwag sa pag-angkat ng produktong agrikultura na idinudulot ang RCEP. Luluwag ang pagpasok ng produktong agricultura na gawa sa Pilipinas sa mga mercado ng mga bansang kasapi sa RCEP. Samakatuwid, makikinabang ang agrikultura kapag ang Pilipinas ay sumali sa RCEP. Mahalaga ang RCEP sa pagpapaunlad ng agrikultura.**

Mas-detalyado nating talakayin ang sagot na ito, sa *Q&A format*:

*Ano ang RCEP?*

Ang RCEP o Regional Comprehensive Economic Partnership ay isang kasunduan ng malayang kalakalan sa pagitan ng mga bansang kasapi nito.

*Anu-anong bansa ang kasapi sa RCEP?*

Labinlimang bansa ang kasapi sa RCEP na maaring hatiin sa tatlong grupo.

1. Mga miyembro ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN):
   - Brunei Darussalam
   - Cambodia
   - Indonesia
   - Lao PDR
   - Malaysia
   - Myanmar
   - Philippines
   - Thailand
   - Singapore
   - Viet Nam

2. Ang tinatawag na Plus Three na mga bansa na may pormal na *economic cooperation* sa ASEAN:
   - China
   - Japan
   - Republic of Korea

3. Mga malalaking bansa ng Oceania:

[1] Dr. Roehlano M. Briones, Senior Research Fellow, Philippine Institute for Development Studies


- Australia
- New Zealand

(Ang India ay lumahok sa unang bahagi ng pakikipag-usap ngunit hindi muna tumuloy sa kasunduan.)

*Sa larangang agrikultura, anu-ano ang inaangkat at iniluluwas ng Pilipinas sa mga bansang kasapi ng RCEP?*

Ang kalakalang pang-agrikultura ng Pilipinas sa pagitan ng labing-apat na bansa na kasapi sa RCEP ay malaki at lalong yumayabong sa paglipas ng panahon (Figure 1). Noong 2001, nagkakahalaga lamang ng USD 136 milyon ang ating iniluluwas. Makalipas ang dalawangpung taon, umabot ito sa halos USD 3 billion, katumbas ng 18% na paglago kada taon. Sa kabilang dako, noon 2001, ang halaga ng pag-angkat ng Pilipinas ay USD 336 million; ito ay umabot sa USD 5.6 billion noong 2020, katumbas ng 15% na paglago kada taon. Kabilang sa mga produktong agrikultural na ating iniluluwas ay mga prutas katulad ng saging, pinya, at mangga; coconut oil; seaweed; isda; at iba pa. Samantala, ang mga produktong ating inaangkat ay bigas, trigo, mais, prutas, gulay, at isda. Samakatuwid, malaki ang pakinabang ng ating bansa sa RCEP. Ito ay malaking mercado para sa ating magsasaka at mangingisda at malaking pinagkukunan ng ating mga mamamayan ng pagkain at iba pang produktong agrikultural.

***Figure 1. Pagluluwas at pag-angkat ng mga produktong pang-agrikultura ng Pilipinas sa mga bansang kasapi ng RCEP, 2000 - 2021***




Source: ITC (www.trademap.org)

*Dati na bang may kasunduang pangkalakalan ang Pilipinas sa mga kasaping bansa ng RCEP?*

Oo, mayroon ng dating kasunduan pangkalakalan ang Pilipinas sa mga bansang kasapi ng RCEP. Sa bawat nakaraang kasunduan ay naitakda na ang pagbubukas ng mercado ng bawat kasaping bansa sa isa't isa, kasama na ang agrikultura. Ang mga kasunduang ito ay ang mga sumusunod:

- ASEAN - ASEAN Free Trade Area (AFTA)

- ASEAN - China Free Trade Area (ACFTA); ASEAN – Japan Comprehensive Economic Partnership Agreement (AJCEPA); ASEAN – Korea Free Trade Area (AKFTA)
- ASEAN - Australia and New Zealand Free Trade Area (AANZFTA)

Mayroon na ding kasunduang tinatawag na ASEAN-India Free Trade Area (AIFTA). Ang Pilipinas at Japan naman ay may pormal na kasunduang pang-ekonomiya—ang Philippines-Japan Economic Partnership Agreement (PJEPA).

*Mayroon bang bagong pangako ang Pilipinas sa ilalim ng RCEP tungkol sa pag-angkat ng mga produktong pang-agrikultura?*

Ang mga probisyon ng RCEP tungkol sa pag-angkat ng Pilipinas sa mga produktong pang-agrikultura ay halos kapareho lamang sa mga nakaraang kasunduang pinasok ng Pilipinas. **Sa RCEP, walang bagong ipinangako ang Pilipinas patungkol sa mga pinaka-sensitibong produktong pang-agrikultura** tulad ng bigas, mais, palm oil, karneng baboy, manok at iba't-ibang gulay.

Ang mga bagong ipinangako ng Pilipinas na pagbaba ng buwis sa pag-angkat (import duty) ay limitado sa mga sumusunod na bansa: Australia at New Zealand (9 na uri ng produkto), China (8 uri), at Korea (23 uri). Ang pangkalahatang bilang ng uri ng taripa (tariff lines) sa larangang pang-agrikultura ay 1,718.

*Titindi ba ang pag-angkat ng Pilipinas ng mga produktong pang-agrikultura sa ilalim ng RCEP?*

Hindi. Katulad ng naipaliwanag, maliit lang ang dagdag na pangako ng Pilipinas sa ilalim ng RCEP kumpara sa mga nakaraang kasunduang pinasok ng Pilipinas. Kung dumagsa man ang pag-angkat noon tulad ng sa bigas, nangyari ito dahil sa epekto ng mga nakaraang kasunduan at lagay ng mercado at hindi dahil sa RCEP.

*Dapat bang mangamba ang mga magsasaka sa pagpasok ng mga dayuhang produkto dahil sa RCEP?*

Hindi. Kagaya ng nabanggit, walang bagong ipinangako ang Pilipinas sa ilalim ng RCEP patungkol sa mga pinaka-sensitibong produktong pang-agrikultura tulad ng bigas, mais, palm oil, karneng baboy, manok at iba't-ibang gulay.

*Ano naman ang sinasaad ng RCEP tungkol sa pagluwas ng mga produktong pang-agrikultura?*

Katulad ng sa pag-angkat, halos inulit lang ng RCEP ang mga probisyon tungkol sa pagluwas ng produktong pang-agrikultura. **Subalit may mga karagdagdagang probisyon ang RCEP na nagluluwag sa mercado ng mga kasaping bansa para sa iniluluwas ng Pilipinas.** Kasama dito ay ang mga sumusunod:

- Papaya at durian sa Korea (0% sa RCEP sa taon 10; 24% ang buwis ng inaangkat ng Korea sa ilalim ng AKFTA)
- De-latang pinya at katas ng niyog sa China (0% sa RCEP sa taong 20; 5% sa ilalim ng ACFTA)

- Tsokolate sa Japan (0% sa RCEP sa taon 16; 21.3% sa ilalim ng PJEPA at AJCEPA)

Sa usaping “rules of origin” o mga takdang patunay na gawa sa bansang kasapi ng RCEP ang mga produktong iniluluwas: **mas maluwag** ang “rules of origin” ng RCEP kumpara sa umiiral na “rules of origin” sa ilalim ng mga nakaraan kasunduan.

- Limitado ang “rules of origin” ng mga nakaraang kasunduan sa maiksing listahan ng nakaraang kasunduan (halimbawa, sa ACFTA, ang “rules of origin” ay sumasaklaw lamang sa bansang ASEAN at China). Sa ilalim ng RCEP, saklaw nito ang labing-apat na bansa sa “rules of origin”.
- Sa mga ilang produktong iniluluwas ng Pilipinas, pinahihintulatan ang mga tagaluwas na Pilipino na umangkat ng sangkap sa labas ng RCEP. Halimbawa ay ang de latang tuna: may pahintulot na gumamit ng sangkap mula sa Papua New Guinea o Norway at pumasok din ito sa mas mababang buwis sa ilalim ng RCEP.

*Samakatuwid, ano ang pakinabang ng Pilipinas kapag sumali ito sa RCEP?*

Nangangahulugan ang pagsali sa RCEP ng karagdagang pagluwag ng kalakalan ng mga produktong pang-agrikultura sa mercado. Ito ay kapakipakinabang sa mga magsasaka sapagkat mas lalawak ang mercado sa pagluluwas ng mga produktong pang-agrikultura. Malaki rin ang pakinabang sa mga mamimili sa pagiging bukas ng bansa sa mga produkto ng mga bansasng kasapi ng RCEP sapagkat mas masisigurado na may sapat tayong pagkain.

Sa pagiging bukas ng Pilipinas sa kalakalan, mas malaya ring makapasok ang puhunan at negosyo mula sa mga bansang kabilang sa RCEP. Ito ay malaking pakinabang para sa mga ating mga magsasaka, manggagawa at negosyante, maliit man o malaki.